

Ano ang nagagawa ng Buton na yan?

Nobyembre 2019

Ang sistema ng kaligtasan ay kailangang magkaroon ng isang mahusay at tukoy na layunin. Kapag ginawang aktibo, dapat itong mapagkakatiwalaang tumugon sa pagkilos, kasama ang isang paghinto (**ESD, emergency shutdown**), tulad ng dinisenyo.

Alam mo ba kung paano gumagana ang mga sistemang pangkaligtasan para sa iyong mga proseso? Kung tatanungin mo sa iba kung paano nila inaasahan ang mga sistemang ito na gumana, nakakakuha ka ba ng iba't ibang mga sagot? Dapat mayroong isang paraan lamang upang maisagawa ang bawat kritikal na sistema, at dapat malaman ito ng lahat.

Ang layunin ng isang sistema ng control ay upang mapanatili ang proseso sa loob ng mga kritikal na limitasyon sa pagkontrol sa kaligtasan (tingnan ang 06/2015 Beacon). Mahalagang maunawaan na, kapag ang proseso ay lumampas sa tinukoy na mga limitasyon ng kontrol, kinakailangan ang pagkilos. Maaaring kabilang dito ang buhayin ang sistema ng **ESD**. Dapat sanayin ang mga operator sa kung ano at kailan ang mga aksyon na dapat gawin.

Kapag ang mga sistema ng kaligtasan ay hindi naiintindihang mabuti, ang mga problema ay maaaring maging mas masahol pa, dahil maaaring hindi ito aasahan ng mga tao at gumawa ng mga maling aksyon. Maaari din silang magkamaling umasa sa sistema ng kaligtasan at aasahan na gumawa ito ng mga aksyon na higit sa kung ano ang kayang gawin ng mga sistemang ito.



Alam mo ba?

- Ang mga sistemang pangkaligtasan, kabilang ang mga **ESD**, ay dinisenyo, naka-program, at nasubok upang matugunan ang mga kinakailangan sa kaligtasan ng proseso at kagamitan. Lahat ng mga pagbabago ay nangangailangan ng pagsusuri sa Pamamahala ng Pagbabago (**MOC**) (tingnan sa Beacon 07/2017).
- Ang mga sistemang pangkaligtasan, tulad ng mga aparato ng kaluwagan sa presyon, ay nandiyan para protektahan, hindi upang makontrol ang proseso (tingnan ang Beacon 03/2016, "**Aparato ng Kaligtasan o Aparato Pang-kontrol?**").
- Ang mga sistemang pangkaligtasan ay tukoy ang mga tugon sa kabiguan ng kuryente, hangin ng instrumento, o sa iba pang kagamitan. Ang impormasyong ito ay madalas na nababanggit sa plano ng mga tubo at ng instrumento (**PID**).
- Maraming mga kumpanya ang may patakaran ng **Kapangyarihang Itigil ang Trabaho**, na nagpapahintulot, at hinihingi pa, na pipigilan ng mga operaytor ang proseso kung wala ito sa kontrol.

Ano ang puwede mong gawin?

- Tanungin ang iyong superbisor o tagapagsanay kung paano dapat patakbuin ang mga sistema ng kaligtasan at kung bakit ganoon ang kaso. Pag mas alam mo, mas mahusay ang iyong tugon kung kinakailangan.
- Gawin ang mga sistema ng kaligtasan na paksa para sa talakayan sa susunod na pagpupulong ng tauhan o sa komite ng kaligtasan. Mayroon kang problema kung magkaiba ang palagay ng lahat paano gagana ang sistema!
- Sa panahon ng Proseso ng **Hazard Analyses (PHA)** o mga pagsusuri ng **MOC** tungkol sa mga kritikal na pangangalaga na ito, maging bukas at tapat sa iyong nalalaman at kung ano ang nangyayari sa larangan. Ang anumang pag-aalinlangan ay dapat na siyasatin upang gumana nang maayos ang mga sistema.

Unawain kung paano gumagana ang inyong mga sistema ng kaligtasan!

©AIChE 2018. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiiche.org or 646-495-1371.